ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 16
Agosto 21, 2016
www.philippinerevolution.net

## Tigil-putukan, idineklara ng PKP

INILABAS NG Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Pambansang Pamatnugutan sa Operasyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Agosto 19 ang kautusang tigil-putukan para sa lahat ng yunit ng BHB at milisyang bayan upang suportahan at palakasin ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP).

Ang unilateral na tigil-putukan ay magkakabisa mula 12:01 n.u. ng Agosto 21 hanggang 11:59 n.g. ng Agosto 27 upang sumabay sa pormal na pagbubukas ng usapan na gaganapin sa Oslo, Norway.

Inilabas ang kautusan ilang oras matapos makalabas sina Benito at Wilma Tiamzon sa kulungan, ika-15 at ika-16 sa mga konsultant ng NDFP na sunud-sunod na pinalaya ng GRP sa loob lamang ng limang araw.

Ayon sa kautusan, "Sa panahon ng tigil-putukan, lahat ng yunit ng BHB at milisyang bayan ay titigil at pipigil na magsagawa ng opensibang mga kampanya at operasyong militar laban sa unipormadong tauhan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at ng Philippine National Police (PNP) ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas."

Gayunpaman, "Ituturing ng BHB na palabang aksyon ang pagpasok sa teritoryo ng demok-

*sundan sa pahina 3*

Editoryal

# Ekonomya ang usapin

Ang mga usapin sa ekonomya ang nasa ugat at nagdurugtong sa iba't ibang mga tampok na problemang kinakaharap ng bayan. Pinakahinahangad ng mamamayan ang mga pagbabago sa mga patakaran sa ekonomya at lipunan upang ilagay ito sa landas ng pagsulong mula sa mahabang panahon ng krisis at pagkalugmok.

Sa kabila ng mga progresibong deklarasyon, ang mga patakaran ng rehimeng Duterte sa ekonomya, sa kalakha'y nakarugtong pa rin sa mga neoliberal na programa ng nakaraan: pag-akit sa dayuhang pamumuhunan, pagpondo sa imprastruktura na walang saysay kung walang pagbabago sa kawalan ng lupa at mababang sahod.

Sa pakikipag-alyansa at pakikibaka sa rehimeng Duterte, dapat itulak ng mamamayang Pilipino ang malalalim na pagbabago sa patakaran at direksyon ng ekonomya, para lutasin ang pangkagyatan at pangmatagalang mga problema ng bayan.

Napapanahon na sa mga darating na buwan ay nakatuon sa ekonomya ang usapang pangkapayapaan. Dapat aktibong makihamok ang sambayanang Pilipino upang mapatampok ang kanilang lugmok na kalagayang panlipunan at ang kanilang sigaw para sa masaklaw at malalim ng mga pagbabago sa sistema ng ekonomya.

Malaki ang bahagi ng mamamayan upang maging mabunga ang usapang pangkapayapaan. Dapat aktibo nilang iabante ang kanilang mga hinaing at usapin sa mga kinatawan ng NDFP at GRP upang maisama sa mga bubuuing kasunduan. Dapat nilang igiit na tingnan at tratuhin ang ekonomya sa punto de bista ng mamamayan at hindi sa pananaw at interes ng mga dayuhang bangko at ng mga sinanay nilang burges na akademiko at teknokrata.

Dapat nilang igiit na ang sukatan ng malusog o maunlad na ekonomya ay usapin hindi ng mga datos ng GNP o GDP, dayuhang pamumuhunang tuwiran man o *portfolio*, o ng "credit rating." Lahat ito'y sukatan ng sigla ng dayuhang pamumuhunan sa Pilipinas, pero hindi nagsasalamin sa kongkretong kalagayan ng mamamayan.

Dapat nilang itulak na ang usapin ng ekonomya ay dapat intindihin sa punto de bista ng mamamayan at sukatin kung papaanong natutugunan ang kapakanan ng mga manggagawa, mga magsasaka at maliliit na kawani at propesyunal. Mayroon



ba silang trabaho? Sapat ba ang kita? Mayroon ba silang sapat na laking lupang binubungkal? Mayroon ba silang nauuwiang matibay na bahay, mayroon bang tubig, kuryente, komunikasyon at iba pang sukatan ng disenteng buhay? Nakapag-aaral ba sila hanggang kolehiyo? Nabibigyan ba ng serbisyong kalusugan?

Dapat magpakahusay ang buong sambayanan sa usapin ng ekonomya. Dapat nilang basagin ang kaisipan na ang pag-aaral sa ekonomya ay larangan lamang para sa mga eksperto at akademiko. Dapat silang mag-aral ng rebolusyonaryong teorya at ilapat ang pag-aaral sa ekonomya sa kongkretong karanasan ng masang anakpawis.

Dapat nilang suriin, punitin at iwaksi ang neoliberalismo at iba't ibang mga teorya sa ekonomya na ginagamit ng IMF at mga sugo para bigyang-matwid ang mga patakarang naglulugmok sa ekonomya sa palagiang krisis sa ilalim ng atrasadong sistemang malakolonyal at malapyudal.

Para sa masang anakpawis at mga produktibong sektor, ang usapin ng ekonomya o ng sistema ng ekonomya ay pumapatungkol sa usapin ng kung sino ang nagmamay-ari ng mga kagamitan para sa produksyon, gaano kaunlad ang mga kagamitang ito, sino ang lumilikha ng yaman o lumalahok sa produksyon at papaano pinaghahatian ang nililikhang yaman.

Sa ilalim ng kasalukuyang sistema, nasa kamay ng malalaking panginoong maylupa at burges kumprador ang mga kagamitan sa produksyon. Kasabwat ang mga dayuhang malalaking kapitalista, sinasamantala nila ang murang lakas-paggawa at pagkamkam ng murang mga produktong agrikultural, mineral at iba pang hilaw na materyales.

Ang mga manggagawa, magsasaka, mga manggagawang-bukid at iba pang produktibong sektor ang siyang lumilikha ng yaman. Subalit kinakamal iyon ng mga uring nagmamay-ari. Ang masang anakpawis ang pumapasan ng bigat ng malawak na disempleyo, mababang sahod, migrasyon, pang-aagaw ng lupa at iba pa.

Mataas ang hangarin ng bayan na makitang lumakas ang progresibong aspeto ng rehimeng Duterte upang positibong salubungin ang mga adhikain ng bayan para sa pagbabago. Nais ng mamamayan na makitang lubusin ni Duterte ang mga progresibong deklarasyon para tuparin ang pamamahagi ng lupa kahit sa ilalim ng CARP, wakasan ang "endo" at pleksibilisasyon ng paggawa, itaas ang sahod, itigil ang walang pakundangang mga demolisyon at mapaminsalang mga operasyon sa pagmimina, paunlarin ang pampublikong serbisyong pangkalusugan at edukasyon, ibasura ang K-12, isubsidyo ang produksyon ng palay at pagkain, at iba pa. Dapat palakasin ni Duterte ang independyenteng patakarang panlabas upang buksan ang mga oportunidad sa pagtutulungan sa ekonomya sa iba't ibang bansa na mapagkukunan ng langis at iba pang rekurso, kapital para sa pamumuhunan at teknolohiya.

Magiging sukatan ng progresibong determinasyon ni Duterte kung magpupunyagi siyang palakasin ang pakikipagkaisa sa mga pwersang pambansa-demokratiko sa pamamagitan ng usapang pangkapayapaan at iba pang anyo ng pakikipagtulungan para isulong ang makabuluhang pagbabago sa ekonomya at buong lipunan. Gaano man ito kasaklaw, tiyak na aalma ang ibang bahagi ng naghaharing uri, maging ang ilang malalaking komprador at panginoong maylupang nasa likod ni Duterte.

Sa katuus-tuusan, ang pundamental na pagbabago sa lipunan at sistemang pang-ekonomya ay makakamit lamang sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pagbabago. Kaya dapat laging palakasin at patatagin ng sambayanang Pilipino ang kanilang independyenteng lakas pampulitika at tanawin ang pagbabagsak ng lumang bulok na estado at pagtatayo ng bagong estadong demokratiko at pagpupunyagi sa sosyalismo. AB


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 16 | Agosto 21, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


# Nilalaman


**Editoryal:** Ekonomya ang usapin 1

Tigil-putukan, idineklara ng PKP 1

Mga konsultant, laya na 3

*Kamurayawan* 4

Plantasyon ng marijuana, sinunog 5

6 na armas, nasamsam sa ComVal 5

Gera "kontra-droga" ni Duterte 6

Paglibing kay Marcos sa LNMB 6

Lehitimo ang paggamit ng *landmine* 7

Pandarahas sa mga sibilyan, tuloy 8

2 aktibistang Lumad, pinaslang 9

Upisyal ng KMP, RMP, iligal na inaresto 9

Tiempo Muerto sa Negros, nilabanan 10

Araw ng mga Katutubo, ipinagdiwang 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*mula pahina 1*

ratikong pamahalaang bayan ng mga tropang pang-operasyon ng AFP at ng mga paramilitar nito upang magsagawa ng paniniktik, saywar at ibang opensibang operasyon na tinataguriang mga operasyon ng "peace and development," "civil-military," "peace and order" at "law enforcement."

Muling ipinahayag ng PKP ang "mataas na pagkilala sa mga pagsisikap ni GRP President Duterte na isulong ang negosasyong pangkapayapaan para lutasin ang mga ugat ng armadong labanan."

Inaasahan din ng PKP na pag-uusapan sa Oslo ang rekomendasyon ng pagpapanukala ng *general amnesty* sa lahat ng mga detenidong pulitikal.

Bukas din ang BHB at PKP sa posibilidad ng mas matagal na tigil-putukan matapos palayain ang lahat ng mga detenidong pulitikal.

Kasabay nito, ipinahayag ng NDF-Northeast Mindanao Region na palalayain na ng BHB sa rehiyon ang limang *prisoner-of-war* (POW) sa panahon ng usapan. Nabihag ng BHB ang naturang mga pulis sa magkahiwalay na operasyon sa Surigao del Sur at Surigao del Norte noong Hulyo 5 at Hulyo 24.

Kasabay nito, nagpahayag ang BHB-Southern Mindanao ng kahandaang palayain din ang kanilang mga POW na sina Arnold Ongachen at Michael Grande. Si Ongachen ang hepe ng pulis ng Gov. Generoso, Davao Oriental na nabihag ng BHB noong Mayo 29 habang si Grande ay inaresto ng BHB noong Hunyo 19.

Bilang tugon, nagdeklara ng walang-taning na tigil-putukan si GRP President Duterte na magsisimula rin sa hatinggabi ng Agosto 21. Malugod itong tinanggap ng PKP. AB

# Mga konsultant, laya na; Usapan, tuloy sa Agosto 22

Nagdiwang ang buong rebolusyonaryong kilusan at mga organisasyong nagtataguyod ng usapang pangkapayapaan matapos sunud-sunod na palayain ang 17 konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at dalawang detenidong pulitikal. Dadalo ang mga konsultant sa pormal na pagbubukas ng usapan na gaganapin sa Oslo, Norway sa Agosto 22.

Nitong Agosto 19, lumabas sa Camp Crame sina Benito Tiamzon at Wilma Austria-Tiamzon matapos makapagpyansa sa apat na korte. Kasabay nila, pinalaya mula sa mga kulungan sa Mindanao sina Porferio Tuna at Pedro Codaste at mula sa Bilibid si Loida Magpatoc.

Agosto 18, pinalaya sina Adelberto Silva, Ariel Arbitrario at Eduardo Genelsa.

Bago nito, noong Agosto 17, pinalaya ang malaking bilang ng konsultant na kinabibilangan nina Tirso Alcantara, Alan Jazmines, Renante Gamara, Ma. Concepcion Araneta-Bocala, Ernesto Lorenzo at Alfredo Mapano. Kasabay nilang lumaya sina Alexander at Winona Birondo. Agosto 16 naman pinalaya sina Kennedy Bangibang at Ruben Saluta.

Noong Agosto 15, napawalang-sala sa mga gawa-gawang kasong pagpaslang si Jaime Soledad na nakadetine sa Ormoc City Jail.

Nanatiling nakakulong sina Leopoldo Caloza at Renato Baleros, gayundin ang mga hinatulan ng 15-taon hanggang habambuhay na pagkakulong sa gawa-gawang mga kasong kriminal na sina Eduardo Sarmiento, Edgardo Friginal at Emeterio Antalan.

Sa *press conference* noong Agosto 18, ipinahayag ng mga nakalaya ang pasasalamat sa kanilang mga abugado, sa taumbayan at sa mga organisasyong sumusuporta sa usapang pangkapayapaan.

"Titiyakin ng mga konsultant na maisusulong ang repormang sosyo-ekonomiko at pulitikal para sa mamamayan sa usapang pangkapayapaan," ayon kay Jazmines.

Ipinanawagan din nila ang kagyat na pagbasura sa lahat ng mga gawa-gawang kaso laban sa kanila at iba pang detenidong pulitikal. Anila, ang pagpapalaya sa kanila ay pagwawasto ni Duterte sa mga pagkakamali ng nakaraang administrasyong Arroyo at Aquino.

Mainit na sinalubong ng PKP at ang pagpapalaya sa 19 detenidong pulitikal. Umaasa rin itong palalayain ang iba pang konsultant sa mga susunod na araw. Sa kabila nito, hinihikayat rin nila si Pangulong Duterte na palayain ang may 550 bilanggong pulitikal sa buong bansa.

Noong Agosto 15, nakipagpulong si Duterte sa mga kinatawan ng NDFP sa Malacañang para plantsahin ang paglalabas ng mga konsultant.

Ani Luis Jalandoni, sa kabuuan ang relasyon sa pagitan ng mga rebolusyonaryong pwersa at ni Pangulong Duterte ay mabuti, ang mga hindi pagkakaunawaan ay inaayos sa pamamagitan ng mapayapang usapan. AB



# *Kamurayawan**

Sa isang larangang gerilya sa Northern Samar, masigla ang talakayan kaugnay sa katangian ng rehimeng Duterte at ang kahaharapin ng rebolusyonaryong kilusan sa usapang pangkapayapaan. Sa harap ng pabagu-bagong sitwasyon, sinikap ng mga kasapi ng sangay ng partido sa lokalidad (SPL), mga Pulang mandirigma at lokal na aktibista na lubos na maintindihan ng mga rebolusyonaryong pwersa at pinamumunuan nila ang mga pananaw at patakaran ng Partido kaugnay sa pakikipag-ugnayan sa rehimen.

Mula Mayo, pinaigting nila ang kilusang pag-aaral ng mga memo, pahayag at pananaw ng Partido, kabilang ang mga nakalathala sa *Ang Bayan*. Ani Ka Mosi, kasapi ng subseksyon ng Partido sa Klaster 5, paminsan-minsan ay nakakapanood sila ng telebisyon, at nakakasagap ng balita sa radyo, pero sa pangunahin, umaasa sila sa pahayagan ng Partido para sa mga detalye at pagsusuri sa mga pangyayari. Sinikap nilang pagkaisahin ang 100% kasapian ng mga organisasyong masa sa pamamagitan ng maagap na pagtalakay sa mga isyu nito.

Ani Ka Unli, instruktor sa pulitika ng lokal na yunit ng BHB, maraming tanong ang taumbaryo kaugnay kay Duterte na maagap nilang nasagot at naipaliwanag dahil mabilis ang unipikasyon sa loob ng Partido at hukbo.


Hindi naging mahirap para sa mga magsasaka na sapulin ang dalawahang katangian ng rehimeng Duterte. Batid nilang habang may mga positibo itong katangian, nananatiling kinatawan pa rin ito ng naghaharing sistema.

Walang nagbago sa araw-araw nilang buhay. Kahit noong nagdeklara si Duterte ng unilateral na tigil-putukan, hindi umalis ang mga sundalo sa kanilang mga komunidad. Ani Ka Lani, kasapi ng lokal na balangay ng Makibaka, mahusay sana kung kasabay ng kanyang tigil-putukan, inutos ni Duterte ang kagyat na pag-atras ng mga sundalo sa kanilang baryo. Sagabal ang mga ito sa kanilang kabuhayan, lalupa't pinag-iinitan ng militar ang mga nagpupunta sa mga sakahan sa labas ng baryo at pinagbibintangang mga kasapi ng BHB. Tumitigil ang mga sundalo sa mga bahay at nagkakampo sa mga *barangay hall*. Sa nakaraan, napalayas na ang mga ito sa baryo matapos magpetisyon laban sa kanila ang mga residente. Pero paulit-ulit pa ring pumapasok ang militar sa mga komunidad para mag-operasyon. Ani Mosi, marami na sa mga magsasaka ang nabiktima ng pang-aabuso ng mga sundalo. Hanggang ngayon, wala pa sa mga abusadong sundalo ang napaparusahan.

Sa kabila nito, optimistiko ang mamamayan sa larangang gerilya sa usapang pangkapayapaan. Tulad ng mga magsasaka sa buong bansa, nagagalak silang ihahapag sa usapan ang libreng pamamahagi ng lupa at pagtugon sa iba pa nilang pangangailangan tulad ng gamit pansaka, binhi at irigasyon. Nagagalak din sila na liban sa usapan, nabigyan ng espasyo ang mga progresibo sa reaksyunaryong gubyerno, gaano man ito kaliit. Malayo man sila sa Maynila, subaybay nila ang paghahapag ng "people's agenda," ang mga hakbang ni Ka Paeng Mariano sa Department of Agrarian Reform at iba pa. "Handa kami para sa anumang kalalabasan ng usapan," anila Ka Inday, Ka Singko at Ka Olan, mga kasapi ng SPL.

Handa rin ang mga lokal na yunit ng BHB at milisyang bayan na ipatupad ang tigil-putukan, oras na iutos ito ng PKP at pambansang pamatnugutan sa operasyon ng BHB. Hindi naging kataka-taka sa kanila ang pagbawi ni Duterte sa una niyang deklarasyon ng tigil-putukan. Dapat negosasyon muna, bago ang tigil-putukan, sabi pa ni Ka Menang, upisyal ng Partido sa larangang gerilya. Ang tigil-putukan ay dapat produkto ng negosasyon, dagdag pa niya. Ang mga ito ay aral ng kilusan mula sa bigong usapan at tigil-putukan sa panahon ni Cory Aquino noong dekada 1980.

Nakalatag na ang mga tungkulin at plano ng yunit ng Partido at hukbo sa harap ng pagbubukas ng usapan at napipintong tigil-putukan. Bahagi ng plano ang pagtutuluy-tuloy ng kampanya sa edukasyon, kampanyang anti-pyudal, rekrutment at pagpapalawak ng baseng gerilya. Sa partikular, plano ng hukbo na mapagtapos ang lahat ng Pulang mandirigma sa Batayang Kurso ng Partido at itulak ang kasunod na intermedyang kurso.



Magtutuluy-tuloy din ang regular na talakayan ng *Ang Bayan*, arawang balitaan sa loob ng mga yunit ng hukbo at pagpapayaman ng gawain sa kultura.

Marami pang ibang rebolusyonaryong gawain ang hindi lamang dapat ituluy-tuloy kundi dapat paigtingin. Halimbawa nito ang tuluy-tuloy na pagtatanggol ng milisyang bayan sa kanilang mga kababaryo. May usapan man o wala, hindi nawawala ang masasamang elemento sa baryo, ani Ka Ditoy, kumander ng milisyang bayan sa klaster. Hindi tumitigil ang kanilang mga aktibidad, kaya marami pa ring gagawin ang milisya, dagdag niya. AB

**Kapayapaan sa salitang Waray*

--------------

*Ang mga panayam sa mga kasama sa Northern Samar ay mapapanood sa* "Kamurayawan," *isang bidyo na likha ng* Sine Proletaryo *sa tulong ng* Talutang Productions, *ang yunit multimidya ng rebolusyonaryong kilusan sa Eastern Visayas. Mapapanood ito sa youtube/prwc at facebook/philippinerevolutionwebcentral. Mapapanood din sa mga website na ito ang mga bidyo ng* Ang Bayan *at iba pang produksyon ng* SineProletaryo *tulad ng pityur sa mga* Medik ng BHB *at* Ano ang CPP.

# Plantasyon ng *marijuana* ng paramilitar, sinunog sa Bukidnon

NITONG AGOSTO 17, isang serye ng mga taktikal na opensiba ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-North Central Mindanao Region laban sa mga plantasyon ng *marijuana* na pinatatakbo ng paramilitar na Alamara.

Ayon kay Ka Alan Juanito, tagapagsalita ng BHB sa rehiyon, nakumpiska ng BHB ang isang ripleng Garand, dalawang karbin, limang *shotgun* at dalawang sakong *marijuana*. Sinunog ng BHB ang *marijuana* sa Sityo Katablaran, Barangay Kanangaan, Cabanglasan, Bukidnon. Isa sa mga napatay na Alamara ay ang notoryosong si Manlumakad Bocalas.

Sinabi ni Ka Alan, matagal nang naghahasik ng terorismo ang Alamara at ang magkapatid na Bocalas sa mga komunidad ng mga Lumad sa hangganan ng mga prubinsya ng Agusan del Sur at Bukidnon.

Bago nito, surpresang inatake ng 1st Special Forces Battalion (SFB) at mga elemento ng CAFGU noong Agosto 5 ang nakakampong yunit ng BHB sa ilalim ng Mt. Kitanglad Subregional Command sa kagubatan ng Sityo Tungungan, Barangay Lilingayon, Valencia City.

Tumagal ang putukan nang halos isang oras. Tatlo ang nasugatan sa BHB.

Sa sumunod na araw, tinambangan ng isang tim ng BHB ang nag-*clearing* na tropa ng AFP kung saan isang sundalo ang nasugatan. Ginamit na dahilan ng AFP ang diumano'y pangingikil ng BHB kung kaya't kinailangan diumano silang rumesponde sa lugar.

Pagsapit ng hatinggabi ay ginising at pinilit ng mga sundalo ang mga naninirahan sa katabing sityo na tumulong sa kanilang mga kaswalti at pinaghakot ng mga naiwang kagamitan ng BHB patungo sa kanilang *command post*. Binantaan nila ang mga residente na papatayin ang kanilang alagang mga hayop kung hindi sila susunod.

Noong Agosto 6 at 7, pinaputukan ng AFP ng mortar ang lugar ng sagupaan. Nagdulot ito ng takot sa mga sibilyan.

Ayon sa pahayag, nagluwag ang napalabang yunit ng BHB sa kanilang depensa kahit matapos bawiin ng GRP ang unilateral na tigil-putukan nito noong Hulyo 31. Dagdag pa nito, kinakailangang triplehin ang pag-alerto laban sa pag-atake ng kaaway. AB

# 6 na armas, nasamsam ng BHB sa Compostela Valley

ANIM NA ARMAS ang nasamsam sa serye ng matatagumpay na kontra-opensibang inilunsad ng 8th Pulang Bagani Company ng BHB laban sa mga tropa ng 25th IB sa bayan ng Monkayo, Compostela Valley noong unang linggo ng Agosto.

Bandang alas-7:30 ng umaga noong Agosto 5, tinambangan ng mga Pulang mandirigma ang isang kumpanya ng 25th IB sa Sityo Inuburan, Barangay Rizal. Patay ang limang sundalo at humigit-kumulang sampu ang sugatan. Nakasamsam ang BHB ng dalawang M203 *grenade launcher*, isang ripleng M4, mga radyong Harris at iba pang gamit militar.

Bago nito, noong Agosto 4, sinalakay ng mga Pulang mandirigma ang isang platun ng 25th IB sa Barangay Paisan, Monkayo. Dalawang sundalo ang patay at tatlo ang sugatan.

Noong Agosto 2 naman, pinarusahan ang operatiba sa paniktik na si Corporal Castro nang maabutan siyang nag-ooperasyong *combat-intel* sa mga komunidad ng Barangay Baylo. Nasamsam sa kanya ang isang 9mm na pistola at dalawang .22 kalibreng pistola.

Ayon kay Rigoberto F. Sanchez, tagapagsalita ng Southern Mindanao Regional Operational Command ng BHB, ang serye ng mga opensiba ay isinagawa bilang tugon sa walang-tigil na mga operasyon ng 25th IB sa mga barangay ng Monkayo mula pa noong Hunyo, kahit pa noong panahong nagdeklara ang gubyerno ng tigil-putukan.

Bilang ganti, binweltahan ng mga sundalo ang mga sibilyan at kanilang mga komunidad. Kabilang sa kanilang mga krimen ang pambobomba mula sa himpapawid, istraping, panghahamlet, at pagpapataw ng blokeyo sa pagkain ng mamamayang Lumad. AB

# Kooperasyon sa kampanya kontra-droga ni Duterte, iniatras

IPINAHAYAG NG Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Agosto 12 na hindi na ito sasabay sa kampanyang kontra-droga ng rehimeng Duterte. Inilinaw ng PKP na ang gera kontra-droga ng rehimen ay malinaw nang hindi demokratiko at kontra-mamamayan dahil umalagwa na ito sa walang-pakundangang kahibangan ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang na ipinatutupad ng pulisya at mga sindikatong kriminal na kaugnay ng pulis.

Ipagpapatuloy at paiigtingin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga operasyon nito sa pag-aaresto at pagdidis-arma ng mga opereytor at protektor ng droga sa mga teritoryo nito. Tulad ng dati, isasagawa ito ng BHB nang may paggalang sa wastong proseso at karapatan ng mga suspetsado, tulad ng mga upisyal ng PNP na kasalukuyang nasa kustodiya nito sa Compostela Valley at Surigao del Sur.

Nitong nagdaang mga araw, sunud-sunod na isinapubliko ni Duterte ang mga listahan ng diumano'y mga protektor, narko-pulitiko at huwes nang walang katibayan o malinaw na batayan o pinagkunan. Maging ang punong upisyal sa intelidyens at pinuno ng PNP ay hindi alam ito. Hindi kataka-taka kung ang mga listahang binabasa ni Duterte ay galing mismo sa mga nakatagong sindikatong ito.

Daan-daan ang pinatay habang "nanlalaban sa pag-aresto" o kaya habang nasa kustodiya at detensyon sa mga sasakyan at bilangguan ng pulis. Ang mga pamamaslang ay isinasagawa rin ng mga kriminal na sindikatong gumagamit sa payong ng "gerang kontra-droga" para ikubli ang kanilang todong-gera sa mga karibal na sindikato at mga karibal na protektor sa pulisya at militar, o kaya'y iligpit ang sarili nilang mga tao.

Dagdag ng PKP, "Ang gerang kontra-droga ay malamang na mabibigo dahil hindi nito sinasagot ang sosyo-ekonomikong ugat ng problema. Sa kasaysayan, napatunayan nang hindi nawawakasan ang salot ng droga gaano man karami ang pinapatay.

"Dapat magkaisa ang lahat ng demokratikong pwersa at humingi ng hustisya at pagwawakas sa kahibangan ng mga pamamaslang ng pulis at *vigilante.* Kasabay nito, dapat patingkarin ng mamamayan ang kanilang nagbabagang mga kahilingan upang mailatag ang mga kalagayan para mapawi ang paglaganap ng droga," panawagan ng PKP.

Kaugnay nito, noong Agosto 2, kinundena ng International Drug Policy Consortium (IDPC) na kinabibilangan ng mahigit 300 organisasyon sa buong mundo ang pagbaha ng ekstrahudisyal na pamamaslang ng mga suspetsadong kaugnay ng droga sa Pilipinas. Nanawagan sila sa United Nations Office on Drugs and Crime (UNODC) na paabutan si Duterte na agarang itigil ang mga pamamaslang.

Kinundena rin ng Philippine Council of Evangelical Churches (PCEC), isang koalisyon ng iba't ibang simbahang Kristyano at iba't ibang grupo ng mga abugado at aktibistang kabataan.

Samantala, itinatwa ng NDF-Eastern Visayas hindi nito ipinawalang-sala ang dating kongresistang si Emil Ong at ang kasalukuyang kongresistang Edwin Ong bilang mga protektor ng mga naglalako ng droga at sa halip ay patuloy ang imbestigasyon sa mga ito. Sinabi pa ni Salas na gawa-gawa nina Ong ang inilabas sa midya na sila ay pinawalang-sala. AB

# Paglibing kay Marcos sa Libingan ng mga Bayani, tinutulan

BINATIKOS NG Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang plano ni GRP President Duterte na magbigay ng pambayaning parangal sa paglibing sa dating pasistang diktador na si Ferdinand Marcos sa Libingan ng mga Bayani sa Setyembre 18. Tumutol din ang iba't ibang progresibong organisasyon.




Pinapapanagot ng mamamayang Pilipino ang lahat ng rehimeng sumunod kay Marcos bilang may magkakasimbigat na kasalanan sa pampulitikang pagpapanumbalik ng pamilyang Marcos—ni Imelda at ng kanyang mga anak, na lumahok lahat sa mga pakana ng diktadurang Marcos. Ang pagbibigay ng pambayaning libing ay maglulubos sa pampulitikang panunumbalik ng mga Marcos at magkukumpleto sa pagtatakip sa lahat ng krimeng ginawa nila sa mamamayan.

Sumusuporta ang PKP sa protesta ng mamamayan laban sa plano ng rehimeng Duterte na pagpapalibing kay Marcos sa Libingan ng mga Bayani. Patuloy na naninindigan ang mga rebolusyonaryong pwersa laban sa pampulitikang pagpapanumbalik ng mga Marcos at hinihinging pagbayarin sila sa lahat ng krimen laban sa mamamayang Pili-

pino.

Ang planong libing ay isang "paglapastangan sa hustisya at pambabaluktot sa kasaysayan," at hindi pa nga nakakapanagot ang diktadurang Marcos sa libu-libong kabataang pinatay dahil sa paglaban sa batas militar, ayon pa sa Anakbayan. Ayon naman sa Alliance of Concerned Teachers, katumbas nito ang "muling pagsusulat ng kasaysayan" at iniinsulto ang mga biktima ng batas militar at kanilang mga pamilya. Nagpahayag din ang Catholic Educational Association of the Philippines, na binubuo ng mahigit isang libong paaralang Katoliko sa bayan, na si Marcos ay isang "mandarambong na may pananagutan sa isang bumagsak na ekonomya—na ang epekto ay nakikita pa sa mapang-aping karalitaan sa palibot."

Sa Kongreso, inihapag noong Agosto 11 ng pitong kongresista ng Makabayan ang House Resolution 197 na tumututol sa hakbang na ito bilang isang "napakalaking pangkasaysayang pambabaluktot." Idineklara naman ng National Historical Commission na hindi bagay ilibing si Marcos sa Libingan ng mga Bayani dahil kasinungalingan ang kanyang mga medalyang militar.

Naglunsad ng kilos protesta noong Agosto 13 sa Quezon City ang National Council of Churches in the Philippines, at ang SELDA at iba pang grupo sa Luneta, noong Agosto 14.

Kinabukasan ay naghain ng pormal na petisyon sa Korte Suprema sina dating Bayan Muna Representative Neri Colmenares, dating kongresistang Satur Ocampo, Dr. Carol Araullo ng Bayan, National Artist for Literature Bienvenido Lumbera, Bonifacio Ilagan at Dionito Cabillas ng grupong SELDA at iba pang grupo para hilingin na pansamantalang itigil ang nasabing pagpapalibing. AB

# Lehitimo ang paggamit ng BHB sa mga *landmine*

Naninindigan ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB) at NDFP na malalaking hakbang ang ginagawa nito upang tupdin ang mataas na pamantayan ng mga internasyunal na makataong batas sa paglulunsad ng armadong pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya.

Ipinakita ito sa pormal at upisyal na pagsunod sa mga Geneva Conventions at 1977 Protocol, gayundin sa pakikipagkasundo sa GRP na buuin ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Pawang nakasaad sa mga ito na sa takbo ng armadong tunggalian, dapat na bigyang-proteksyon ang mga sibilyan at ang sibilyang populasyon.

Lehitimo ang paggamit ng mga improbisadong eksplosibo at *landmine*—sa partikular ang mga *command-detonated anti-personnel* (anti-tauhan) at *anti-vehicle* (anti-sasakyan) na tipo, at maging yaong mga *target-detonated anti-vehicle* na tipo—kung ang pinupuntirya ng mga ito ay mga lehitimong target-militar at pumipigil sa potensyal, aktwal at nakaambang pinsala sa mga sibilyan at sibilyang populasyon.

Sa ngayon, ang mga ginagamit ng BHB na *command-detonated landmine* ay hindi sasabog kahit pa matapakan, matisod, o masipa. Ang mga ito ay naka-kawad sa mga de-manong *blasting machine* na pinaka-iniingat-ingatan ng mga Pulang mandirigma upang tiyaking sasabog lamang laban sa mga lehitimong target-militar. Maingat na minamanupaktura ang mga ito ng mga yunit-ordnans ng BHB. May pagtatangi sa paglalatag, laging nasusubaybayan at laging malapit lamang sa yunit ng BHB na naglatag sa mga ito. Napakaingat ng BHB sa paggamit ng mga sandatang maaaring aksidenteng makapinsala sa mga sibilyan.

Ang malinaw na ipinagbabawal ng Ottawa Treaty ng 1997 ay ang paggamit ng mga *anti-personnel landmine* na *target-detonated*. Ang mga eksplosibong ito ay nakadisenyong sumabog kapag natapakan o nasagi ng target. Hindi ipinagbabawal ng Ottawa Treaty ang paggamit ng mga *anti-personnel landmine* na *command-detonated*, o mga *anti-vehicle* at *anti-tank landmine* na *target-detonated* o *command-detonated.* Hindi saklaw ang PKP ng Ottawa Treaty dahil tanging mga umiiral na estado (*state actor*) ang makakapaloob dito,



liban pa sa katunayang hindi kabilang ang Ottawa Treaty sa mga pangkaraniwang kasunduan na sumasaklaw sa mga nasasakop ng internasyunal na batas.

Kahit hindi nasasaklaw ng tratado, ginagalang ng PKP at BHB ang pagbabawal sa paggamit ng mga *anti-personnel landmine* at eksplosibo na *target-activated* o *contact-activated*. Tinitiyak nito na natatangi, direkta at eksklusibong nakapuntirya ang mga ginagamit na eksplosibo at garantisadong tatama lamang sa mga lehitimong target tulad ng mga kombatant at tauhang militar.

Tinatabunan ng AFP ang mga pagkatalo ng mga pwersa nito sa pamamagitan ng pagpilipit sa mga datos, pag-imbento ng mga paratang, pagbaluktot sa mga prinsipyo ng CARHRIHL hinggil sa usapin ng mga *landmine,* at lansakang paninira sa rebolusyonaryong kilusan. Maling isinasalarawan ang mga reaksyunaryong tropang napipinsala ng mga *command-detonated landmine* bilang mga "biktima" na nagsasagawa umano ng mga di-militar na gawain tulad ng kunway makataong aktibidad o *relief mission* gayong malinaw na sila ay mga kombatant. Gayundin, ang mga umano'y nakukumpiskang mga *anti-personnel* at *claymore landmine* ay walang iba kundi mga suplay mula sa gubyerno ng US bilang ayudang militar sa AFP laban sa BHB.

Alinsunod rin sa paninira sa rebolusyonaryong kilusan ang pakana ng ilang masugid na anti-komunista at mga reaksyunaryong indibidwal, gayundin ang mga populista at pasipistang internasyunal na mga NGO *(non-government organization)* na nagpupostura bilang mga tagapagtaguyod umano ng pagbabawal ng mga *landmine*. Itinutulak nila ang mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya tulad ng NDFP na itakwil ang paggamit ng mga *landmine.*

Para sa NDFP, hindi katanggap-tanggap ang mga maniobra ng naturang mga NGO, na sa totoo'y pinopondohan ng mga imperyalista. Ginigipit ng mga ito ang mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya na isuko ang paggamit ng mga *landmine* bilang sandata ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan laban sa kanilang mga kaaway na gumagamit ng malayong mas mapamuksang sandata laban sa mga sibilyang populasyon. Halimbawa nito ang mga pambobomba, pagkanyon, arson, paggamit ng mga WMD (*weapons of mass destruction* o mga sandata ng malawakang pamumuksa) tulad ng mga *cluster bomb, white phosphorus, daisy cutter, moab*, at iba pa. Mas makabubuti sa mga NGO na ito na ituon ang oras at pagsisikap upang magkampanya laban sa mga sandatang nukleyar, bayolohikal at kemikal at mga nabanggit na mga sandata ng maramihang paglipol, at laban sa terorismo ng estado at mga digmang agresyon.

Labis na mapagkunwari ang mga kritiko ng *landmine* laluna yaong mga tagapagtanggol ng US na kilala bilang numero unong tagasuplay, nag-iimbak, at gumagamit ng mga *landmine.* Sa halip na pigilan ang BHB na gumamit ng mga CDX, dapat ipahinto ng mga kritikong ito sa US ang paggamit ng mga WMD na ipinagbabawal ng mga internasyunal na batas. Dapat din nilang igiit sa mga armadong pwersa ng GRP na itigil ang pag-atake sa mga sibilyang komunidad at mga pinaghihinalaang erya ng BHB. AB

## Pandarahas sa mga progresibo at sibilyang komunidad, nagpapatuloy

NAG-AALALA ANG mga grupong nagtataguyod ng karapatang-tao sa sunud-sunod na kaso ng paniniktik at pandarahas ng mga ahente ng militar sa mga kilalang aktibista at mga sibilyang komunidad.

**Ifugao.** Iniulat ni Brandon Bunolna, myembro ng Ifugao Peasants Movement (IPM), ang pagsubaybay sa kanya ng kalalakihang nakasuot-sibilyan matapos niyang dumalo sa korte at dumalaw sa mga bilanggong pulitikal sa bayan ng Lagawe.

Ayon sa Cordillera Human Rights Alliance, hindi bago ang sarbeylans na ito. Ang mga kilalang lider, kasapi at tagasuporta ng IPM ay matagal nang nakapailalim sa sarbeylans at palagiang pinararatangan ng militar na may kaugnayan sa Bagong Hukbong Bayan.

**Sorsogon.** Sinundan si Juvy Solaon, istap ng Karapatan-Sorsogon, ng mga ahente-militar na lulan ng motorsiklo mula sa kanilang upisina sa Barangay Polvorista. Ani Solaon, bago sundan ang sinakyan niyang traysikel papunta sa kanyang kaibigan, napansin na niya ang dalawang lalaking nakatambay sa tabi ng upisina.

BUKOD SA sarbeylans, tuluy-tuloy rin ang pandarahas sa mamamayan.

**Antipolo.** Sa isang porum para sa World Indigenous Peoples' Day noong Agosto 8, ibinahagi ni Arnel de los Santos ang pandarahas ng mga elemento ng 80th IB sa komunidad ng mga Dumagat sa Apia, Calawis Village. Dahil dito ay nagbakwit ang mga residente. Batid nilang tugon ang pandarahas sa kanilang paglaban sa itinatayong 500-megawatt na Wawa *pump storage hydropower project* ng Olympia Violago Water and Power Inc. sa pagitan ng Antipolo at Montalban, Rizal. Si Delos Santos ay kasalukuyang pangkalahatang kalihim ng Bigkis at Lakas ng Katutubo sa Timog Katagalugan. Ang kanyang amang si Nicanor de los Santos ay pinaslang ng Task Force Panther noong Disyembre 8, 2001 habang namumuno sa pagtutol.

**Agusan del Sur**. Pinaputukan ang bahay ng isang nagngangalang Lolong Gomez sa Purok 7, Barangay Zillovia noong Agosto 13. Tinamaan ng mga bala ang nakatipon noon sa naturang bahay na sina Tony Bautista, Lolong Kali at ang 13-taong gulang niyang pamangkin. Malubha ding tinamaan ng bala ang isa sa

kanilang mga kapitbahay at kasalukuyang kritikal ang kondisyon.

Nagbakwit ang mga pamilyang Manobo sa barangay *gym* ng Zillovia dahil sa panganib sa kanilang buhay at nagpapatuloy na sarbeylans ng grupong paramilitar na binuo ng meyor ng Loreto na si Dario Otaza na pinarusahan ng BHB noong 2015.

**Compostela Valley**. Inireklamo ng mga residente ng Purok 4, Sityo Tagbaw, Barangay Rizal sa Monkayo ang patuloy na pagpapatrulya ng 25th IB sa kanilang komunidad. Ani Purok Chairman Lino Inbad, nagkukunwari ang mga sundalo na mga kasapi ng BHB.

Noong Agosto 7, pinigilan ng mga sundalo ang mga magsasaka na pumunta sa kanilang sakahan matapos ang engkwentro na naganap sa pagitan ng militar at BHB. Apektado ang 37 pamilya sa panggigipit. Mula pa Hulyo 25 nag-ooperasyon ang mga sundalo sa kanilang komunidad.

**Batangas.** Naglunsad ng operasyong militar ang mga sundalo mula sa 16th IB at 730th Combat Group ng Philippine Air Force sa Sityo Santolan, Barangay Coral ni Lopez noong Hulyo 26. Ito ay sa kabila ng idineklara noon na tigil-putukan ni Duterte.

Ayon sa mga taga-Santolan, sunud-sunod ang operasyong militar sa kanilang lugar mula pa 2015. Matagal nang gawi ng militar ang dahasin at akusahan silang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan. Ayon kay Agaton Bautista ng Samahang Magbubukid ng Coral ni Lopez, matagal nang inilagay ng militar ang kanilang mga pangalan sa Order of Battle ng AFP. Nagdulot ito ng takot sa mga residente kaya marami sa kanila ang umalis na sa kanilang mga bahay at sakahan. Idinaing ng mga magsasaka ang kanilang kaso sa Department of Agrarian Reform. AB

## 2 aktibistang Lumad, pinaslang

DALAWANG AKTIBISTANG Lumad ang pinaslang noong Agosto 12 sa San Luis, Agusan del Sur sa magkakasunod na pang-aatake ng grupong paramilitar na pinatatakbo ng AFP.

Unang pinaslang si Jerry Layola, 42, sa loob ng kanyang bahay sa Barangay Balit bandang alas-7 ng gabi. Ilang minuto matapos nito, binaril naman sa likod si Jimmy Mapinsahan Barosa, 48, sa labas ng bahay ng kanyang kaibigan sa Barangay Baylo. Nasa Baylo noon si Barosa, isang residente ng Barangay Kasilayan, dahil papunta siya sa ospital para dalhan ng pagkain ang kanyang asawa. Nasugatan sa pamamaril ang 19-anyos na si Renel Paminsahan.

Parehong kasapi ng Tagdumahan, isang organisasyon ng mga Banwaon, ang dalawa. Isa ang Tagdumahan sa mga organisasyong mariing tumututol sa mapangwasak na pagmimina at pagtotroso sa kanilang munisipalidad. Kabilang sa kanilang tinututulan ang planong *open-pit mining* ng Tambuli Mining Company Inc at Malampay Mining Inc, na nagpipilit pumasok sa pamamagitan ng mga operasyong militar.

Binuo at pinopondohan ang naturang grupong paramilitar ng 29th IB. Dati rin itong pinamumunuan ng isang elemento ng CAFGU.

## Upisyal ng KMP, RMP, iligal na inaresto

ILIGAL NA INARESTO ng magkasanib na mga pwersang pulis at militar ang dalawang kilalang aktibistang humahawak ng matataas na pusisyon sa mga organisasyong progresibo. Ito ay habang naghahanda ang NDFP at buong rebolusyonaryo at progresibong kilusan sa muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan.

Inaresto nitong Agosto 19 sa Barangay Lahug, Cebu City si Amelia Pond, rehiyunal na koordinador ng Rural Missionaries of the Philippines (RMP) ng Southern Mindanao Region. Nagsisilbi din tagasaliksik at guro si Pond sa mga eskwelahan ng Salugpongan sa Mindanao.

Galing si Pond sa tatlong-araw na pambansang asembliya ng RMP sa naturang syudad nang parahin ng mga myembro ng Criminal Investigation and Detection Group ang sinasakyan niyang taksi. Kasama niya sa taksi ang apat pang delegado ng asembliya.

Sinampahan siya ng gawa-gawang kasong pagpatay at bigong pagpatay sa ilalim ng pangalang "Adelfa Toledo." Inakusahan siyang myembro ng Komisyon ng PKP sa Mindanao.

Mariing tinuligsa ng mga relihiyosong grupo, at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao ang iligal na pag-aresto at detensyon kay Pond. Nitong Agosto 20, naglunsad ang mga kasapi ng RMP-Cebu ng protesta sa harap ng Camp Sotero sa Cebu City para igiit ang kaagad na pagpapalaya sa kanya.

Bago nito, iligal na inaresto ng mga pwersa ng estado si Antonio Pajalla sa Macalelon, Quezon Province noong Agosto 12. Pasakay si Pajalla sa isang dyip tungong Catanauan, Quezon para maghanda sa isang pagkilos ng mga magsasaka.

Si Pajalla ay ikalawang tagapangulo ng KMP at matagal nang lider ng Pinagkaisang Lakas ng Magbubukid sa Quezon (Piglas). Nanguna siya sa pakikibaka ng mga magniniyog sa Quezon upang mabawi ang multibilyong pondo ng *coco levy*. Inaresto siya sa kasong rebelyon na isinampa sa kanya noong 1995. Idinetine siya sa kabila ng pagpresenta niya ng sertipiko ng amnestiya na iginawad sa kanya noong 1997. Kasalukuyang nasa kustodiya siya ng PNP-Macalelon.

Noong Agosto 13, naglunsad ng rali ang mga progresibong organisasyon para ipananawagan ang kagyat na pagpapalaya sa kanya.

## Pakikibaka laban sa Tiempo Muerto sa Negros, inilunsad

NAGLUNSAD NG tatlong-araw na protesta ang mga manggagawang bukid sa mga tubuhan sa Negros Occidental mula Agosto 10 hanggang 12 para igiit ang agarang pagbibigay sa kanila ng pagkaing ayuda mula sa mga ahensya ng gubyerno.

Iginigiit nila ang kagyat na pamamahagi ng P40 milyong pondong pangkalamidad at multimilyong Social Amelioration Fund na dapat ay pondong ayuda sa mahihirap pero sa aktwal ay napupunta sa mga asendero. *(Basahin sa* Ang Bayan *Hulyo 21, 2016.)*

Itinaon ng mga manggagawang bukid ang kanilang protesta sa Tiempo Muerto (patay na panahon), ang mga buwan sa pagitan ng pagtatanim ng tubo at pag-ani nito. Kinatatangian ito ng malawak na kagutuman at kamatayan dahil sa kawalan ng alternatibong mapagkakakitaan ng mga manggagawang bukid. Mula pa simula ng Tiempo Muerto noong Hunyo, naglulunsad na ng mga protesta sa mga tubuhan ng Murcia, Don Salvador Benedicto, Talisay City, Silay City, EB Magalona, Manapla, at Escalante City. Karaniwang nagtatagal ang patay na panahon hanggang gitna ng Setyembre.

Taun-taon, dinaranas ng mga manggagawang bukid sa tubuhan ang Tiempo Muerto at ang kaugnay nitong gutom at hirap. Ito ay ayon kay Danilo Ramos, tagapangulo ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura. Sinisikap nilang maghanap ng ibang trabaho pero kulang na kulang ito sa isla ng Negros dahil sa atrasadong sistema nito ng *monocropping* at ilang siglo nang pang-aaping pyudal. Mataas ang monopolisasyon ng lupa sa isla, kung saan itinatanim ang 48% ng suplay ng tubo ng bansa.

Ayon naman kay Roland Rillo, tagapangulo ng National Federation of Sugar Workers (NFSW), mas matindi ang dinaranas nilang Tiempo Muerte ngayong taon. Aniya, katulad ng ibang prubinsya, dumanas ng El Niño ang isla, kung kaya't salat ang pagkakataong makapagtrabaho kahit noong panahon ng taniman. May mga pagkakataon sa Tiempo Muerto na kumukuha ng mga manggagawa ang mga panginoong maylupa pero sa napakababang sahod (P8 -17/araw).

Sa kabilang banda, patuloy ang pagkamkam ng mga "sugar baron" o malalaking panginoong maylupa ng kita. Alinsunod sa pananaliksik ng NFSW kamakailan, umaabot sa P80,000 ang netong kita ng isang asyendero sa isang ektaryang tubuhan.

Liban sa kagyat na ayuda, ipinananawagan rin ng UMA at NFSW ang pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at industriyalisasyon. Anila, sa pangmatagalan, ang mga ito lamang ang makalulutas sa gutom at kamatayang dala ng Tiempo Muerto, gayundin ng iba pang batayang usapin ng mga magsasaka at manggagawang bukid. AB

## Pandaigdigang Araw ng Katutubo, ipinagdiwang

SA PAMUMUNO ng Katribu, ginunita ng mga makabayang grupo noong Agosto 9 ang Pandaigdigang Araw ng mga Katutubo sa pamamagitan ng isang pagkilos sa Mendiola Bridge sa Maynila. Kasabay nito, nagdaos ang Cordillera People's Alliance ng parada sa Session Road sa Baguio City bago nagtipon sa Igorot Park.

Bagamat edukasyon para sa katutubo ang pandaigdigang tema ng araw na ito, inihapag ng mga katutubo sa Pilipinas ang iba pang mga usapin na umaapekto sa kanila. Kabilang dito ang tunay na pagkilala sa kanilang karapatan sa kanilang lupang ninuno at pagpapasya-sa-sarili, pagtigil sa pandarambong sa mga yaman sa kanilang mga teritoryo, sapat at nararapat na batayang serbisyong panlipunan, at suporta sa mga biktima ng sakuna. Nanawagan din sila para sa muling pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines at Gubyerno ng Pilipinas.

Naglunsad sila ng mga porum at *workshop* sa iba't ibang bahagi ng bansa. Kabilang dito ang serye ng mga pagbabahaginan ng mga katutubong kabataan ng Cordillera sa mga estudyante at kabataang Taiwanese mula sa mga tribu tulad ng Amis, Atayal, Kavalan, at Truku. Nilahukan ito ng mga kinatawan ng mga organisasyon ng aktibistang kabataan.

Dinaluhan naman ng mahigit 300 katutubo ang porum sa College of the Holy Spirit sa Quezon City noong Agosto 8. Kabilang sa mga dumalo ang mga Dumagat, Ayta, Mangyan, Igorot, Tumandok at Lumád, gayundin ng mga estudyante at guro ng Holy Spirit. Nagpakita ng kanyang suporta roon si Aiza Seguerra sa pamamagitan ng pag-awit.

Bago nito, inihapag na ng Katribu sa National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) noong huling linggo ng Hulyo ang kahingiang ibasura ang Indigenous Peoples' Rights Act at ang ahensyang nilikha nito, ang NCIP. Ayon sa Katribu, ang batas na ito ay ginagamit ng mga lokal at dayuhang kumpanya para kamkamin ang lupang ninuno para sa mga malalaking minahan at plantasyong agribisnes. Sumang-ayon pa ang NCIP sa pagbibigay ng mga huwad na titulong "datu" sa mga pinuno ng mga grupong paramilitar tulad ng New Indigenous People's Army for Reform (Nipar) na walang pakundangang namaril sa isang kasalan noong Hulyo 30. Sa gayon, may pananagutan ito sa masaker at iba pang pahirap sa mga Lumad. AB